


Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 6: Ang mga Patakaran at Resulta ng Pananakop ng mga Hapones



Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 6: Ang mga Patakarán at Resulta ng Pananakop ng mga Hapones
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Cherry A. Hervias, Alma J. Gascon	
Editor:	Carmela M. De Gracia, Maricel D. Tababa, Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.	
Tagasuri:	Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar	
Tagalapat:	Jewelyn Q. Cadigal	
Tagapamahala:	Ma Ramir B. Uytico	Pedro T. Escobarte, Jr.
	Portia M. Mallorca	Nelly E. Garrote
	Elena P. Gonzaga	Donald T. Genine
	Celestino S. Dalumpines IV	Junry M. Esparar
	Mary Helen M. Bocol	Blas P. Tabayag, Jr.
	Jewelyn Q. Cadigal	Emee Ann P. Valdez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 6: Ang mga Patakaran at Resulta ng Pananakop ng mga Hapones

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ng SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo an gating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito ay mapag-aaralan natin ang mga patakaran at resulta ng pananakop ng mga Hapones.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Masusuri ang mga patakaran at resulta ng pananakop ng mga Hapones;
2. Matutukoy ang mga mabubuti at masasamang epekto ng pananakop ng mga Hapones sa mga Pilipino; at
3. Maisasalaysay ang mga patakaran na inilunsad ng mga Hapones sa Pilipinas.



Subukin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa sumusunod na tanong o pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang naisipang gawin ng mga Pilipino upang makaiwas sa kalupitan ng mg Hapones?
 - A. maglipat-lipat ng tirahan
 - B. magpakasal sa mga Hapones
 - C. magtrabaho sa opisina ng mga hapones
 - D. makipagsaya sa mga Hapones
2. Anong ahensya ng pamahalaan ang itinatag upang mamahagi ng bigas sa mga tao?
 - A. National Distribution Corporation (NADISCO)
 - B. National Economic Board (NEB)
 - C. Bigasang Bayan (BIBA)
 - D. Samahang Magkakapitbahay

3. Ang sumusunod ay kabilang sa mga patakaran ng pamahalaan upang malunasan ang kahirapan noong panahon ng Hapon maliban sa isa. Alin dito?
- A. pagbibili ng ating produkto sa ibang bansa
 - B. pagtatatag ng kooperatiba ng mga mamimili
 - C. pagpapasigla sa produksiyon ng bigas
 - D. pagtatanim ng gulay sa lahat ng bakanteng lupa
4. Ang sumusunod ay kabilang sa mga patakaran na inilunsad ng mga Hapones, maliban sa isa.
- A. pag-alis ng kalayaang makapagsalita
 - B. pagtanggap ng kapangyarihan ng Amerikano
 - C. pagparusa sa mga Pilipinong kumakalaban
 - D. pagkamit ng demokrasya
5. Alin sa sumusunod ang kabilang sa mga naidulot ng mga Hapones sa mga Pilipino noong panahon ng pananakop?
- A. takot at hirap sa pamumuhay
 - B. nawalan ng mga karapatan sa pagsasalita
 - C. pagbabago sa sistema ng edukasyon
 - D. lahat ay tama

Aralin

1

Mga Patakaran at Resulta ng Pananakop ng mga Hapones

Sa aralin na ito, pag-uusapan natin ang tungkol sa mga patakaran at resulta ng pananakop ng mga Hapones.



Balikan

Bago simulan ang pag-aaral sa bagong aralin, magbalik-aral ka muna.

Panuto: Piliin ang wastong sagot sa bawat tanong. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ito ay ang paglakad ng 100 kilometro kung saan marami ang namatay, pinahirapan at pinagmalupitan ng mga Hapon?
A. Fall of Bataan
B. Battle of Corrigedor
C. Death March
D. Lahat ng nabanggit
2. Ano-anong kahirapan ang naranasan ng mga sundalong Pilipino at Amerikano sa kamay ng mga Hapon?
A. Naglakad ng 100 km
B. Walang pahinga, pagkain at inumin
C. Inilagay sa bagon o death tren
D. Lahat ng mga nabanggit
3. Sino ang mga biktima ng Death March?
A. sumukong sundalong Pilipino at Amerikano
B. mga mag-aaral
C. mga negosyante
D. mga mahihirap na Pilipino
4. Kailan nagsimula ang Death March?
A. Disyembre 7, 1941
B. Enero 2, 1942
C. Pebrero 2, 1942
D. Abril 9, 1942
5. Saan nagsimula ang paglakad ng mga sundalong sumuko sa mga Hapon?
A. Maynila
B. Quezon
C. Batangas
D. Bataan



Tuklasin

Panuto: Basahin sa unang hanay ang mga ilang patakaran na inilunsad ng mga Hapones sa bansa at isulat ang iyong opinyon sa ikalawang hanay.

Patakaran	Opinyon
1. Pagputol ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Estados Unidos.	
2. Pagtanggali ng lahat ng kapangyarihang Amerikano.	
3. Pagtatatag ng pamahalaan para sa mga Pilipino lamang.	
4. Pagpapatuloy ng mga kapangyarihan ng mga pinuno ng bayan.	
5. Pamamahagi ng mga pangunahing pangangailangan.	
6. Pagpaparusa sa mga Pilipinong kumakalaban sa mga Hapones.	
7. Pagpigil sa mga programang pangkaunlaran.	
8. Pagbabawal sa pagtutugtog ng pambansang awit.	
9. Pag-alis ng kapangyarihang makapagsalita at makapagpahayag	
10. Pagpapalit ng mga pangalan ng mga lugar	



Suriin

Iisa lamang ang layunin ng Hapon sa pagsakop nito sa Pilipinas, ito ay ang makontrol ang ekonomiya nito. Isang mahalagang bahagi ng pagkamit ng kanilang higit na malaking hangarin, ang Imperyalismo. Nais nilang ipatupad ang hangaring ito sa isang malawak na programa, ang *Greater East Asia Co-*

Prosperity Sphere. Ito ang nagsisilbing batayan ng lahat ng mga patakarang ipinatupad ng mga Hapones sa bansa.

Sinakop ng mga Hapones ang Pilipinas sa loob ng higit tatlong taon. Sa loob ng panahong ito, maraming hirap ang naranasan ng mga Pilipino sa kamay ng bagong mananakop. May mga pagbabagong naganap at mga patakarang ipinatupad. Ang patakarang ito ay may mga mabubuti at masasamang resulta sa mga Pilipino at sa bansa na kung saan nakikita natin hanggang ngayon. Noong Enero 8, 1942, itinatag ng mga Hapones ang isang Pamahalaang Militar. Ito ang namuno sa mga patakarang pang-ekonomiya, pangkultura at pangkabuhayan.

Mga Patakarang Ipinatupad ng mga Hapones

- Ganap na pagputol ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Estados Unidos.
- Ganap na pagtatanggal ng lahat ng kapangyarihang Amerikano sa buong kapuluan.
- Pagtatatag ng isang pamahalaang para sa mga Pilipino lamang (na hindi naman totoo sapagkat sila pa ring mga Hapones ang makapangyayarihan).
- Pagpapatuloy sa posisyong pampamahalaang mga pinuno ng bayan sa ilalim ng kapangyarihan ng mga Hapones.
- Pag-alis ng kalayaang makapagsalita at makapagpahayag.
- Pamamahagi ng mga pangunahing pangangailangan sa pagkain sa pamamagitan ng pagrarasyon.
- Paglilitis at pagpaparusa sa mga Pilipinong kumakalaban sa mga Hapones.
- Pagpigil sa mga programang pangkaunlaran at pangkabuhayan.
- Maipaliwanag ang kahulugan ng Greater East Asia Co- Prosperity Sphere at maipaunawa ang bahaging ginagampanan ng Pilipinas sa programang ito.

Pamumuhay sa Panahon ng mga Hapones

Sa kabila ng mga pagbabagong inilunsad ng pamahalaang Hapones, hindi pa rin naging mapayapa ang buhay ng mga Pilipino. Tumaas pa rin ang bilang ng mga biglaang pagdakip at pagpaparusa sa mga Pilipinong ayaw sumunod sa mga patakaran o batas. Mayroong mga Pilipinong nagtaksil sa

kanilang mga kababayan at nagsilbing espiya ng mga Hapones. Yaon namang mga nakikipagtulungan sa mga Hapones ay pinapatay ng mga gerilyang Pilipino. Sa tindi ng takot at pangamba, marami sa mga mamamayan ang lumikas upang malayo sa nakaambang panganib. Ang iba ay nagpatuloy sa pakikibaka. Kabilang dito sina Jose Abad Santos at Wenceslao Vinzons. Upang makaiwas sa panganib, marami sa mga Pilipino ang nagpalipat-lipat ng tirahan, nagtago sa kabundukan at ang iba naman ay sumanib sa kilusang gerilya na nakikipag-away sa mga Hapones.

Nagtangka ang mga Hapones na hubugin ang kaisipan ng mga Pilipino upang makuha ang katapatan nito mula sa Estados Unidos. Kanilang ipinagutos na palitan ng Pilipino o Hapones ang pangalan ng mga kalye at lugar na nakasunod sa mga Amerikano at ang mga institusyon nito. Halimbawa:

- Ang Briton Hill ay naging Nilad.
- Ang Broadway Street ay naging Biak-na-Bato.
- Ang Chicago Street sa Maynila ay naging Makiling
- at ang Harrison Park ay naging Rizal Park.

Subalit patuloy rin na nangangamba ang mga Hapones sa di-mapigil na nasyonalismo ng mga Pilipino. Upang mapigilan ito, kanilang ipinagbawal ang pag-awit at pagtugtog sa publiko ng pambansang awit ng Pilipinas.

Matapos na maitatag ang Ikalawang Republika ng Pilipinas o Japanese-Sponsored Philippine Republic noong Oktubre 14, 1943 sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Jose P. Laurel, isa ring bagong Pambansang awit ng Pilipinas ang kauna-unahang tinugtog at inawit sa publiko. Nakilala ang bagong pambansang awit sa titulong "Awit sa Paglikha ng Bagong Pilipinas".

Pinakamalaki sa mga suliraning tinugunan ng pamahalaan ang malaking kakulangan sa pagkain. Hinihikayat ang mga mamamayan na magtanim sa mga bakanteng lote, bangketa, at maging sa mga plaza.

Itinatag ang "Bigasang Bayan" (BIBA) at ang "National Distribution Corporation" (NADISCO) para mangasiwa sa pagpapatupad ng mga programa sa paglutas sa suliranin sa pagkain.

Ang BIBA ang nagsaayos sa distribusyon ng kakaunting imbak na bigas. Ito rin ay bumili ng bigas at iba pang pangunahing pagkain sa mga magsasaka sa lalawigan para maipagbili nang mura sa mga tao sa mga lungsod lalo na sa Maynila.

Samantala, ang NADISCO naman ang itinalagang mamahala sa pamamahagi hindi lamang ng bigas kundi iba pang pang-araw-araw na pangangailangan sa buong bansa.

Ang hangarin ng mga Hapones na gamitin ang edukasyon upang burahin ang kaisipang maka-Amerikano o maka-kanluranin ng mga Pilipino ay di sinasadyang nagkaroon ng mabuting epekto sa ating pagkabansa. Ipinagbawal ang pagsusulat sa wikang Ingles at maging ang mga babasahin sa nasabing wika.

Sa larangan ng musika ay binigyang-tuon naman ang mga awiting may makabayang tema. Nangunguna sa mga kompositor na nagpalaganap ng makabayang musika ay si Felipe Padilla de Leon. Ang Dulaan o Teatro ay hindi rin nagpahuli. Nasa wikang pambansa o ibang katutubong wika ang magagarbong *stage show* na ilulunsad.

Patakaran sa Edukasyon

Nakasalig sa edukasyon ang patakarang kultural ng mga Hapones. Sa pagbubukas ng mga paaralan, lahat ng mga patakaran sa pagtuturo ay pawang nakatuon sa sumusunod na mga layunin:

- A. Maipaliwanag ang kahulugan ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere at maipaunawa ang bahaging ginagampanan ng Pilipinas sa programang ito.
- B. Maiwaksi ang mga pagpapahalaga sa kulturang kanluranin upang maisaisip muli ang pagiging Asyano.
- C. Mahubog ang kaugalian ng mga Pilipino at maiwaksi ang pagiging materyalistiko.
- D. Maituro ang wikang Hapones o Niponggo upang sa kalaunan, malimutan ang wikang Ingles.
- E. Mabigyang- halaga ang pangunahing edukasyon at maipakilala ang bokasyonal na edukasyon.
- F. Mahikayat ang mga mamamayan na matutuhan ang pagmamahal sa paggawa.

Kinakailangang suriin muli ang mga kurikulum at mga aklat na ginagamit upang maisakatuparan ang mga layuning ito. Anumang nagsasaad ng laban sa Hapon at ang pagsuporta sa mga Amerikano o Ingles ay inalis. Higit na binigyang pansin ang pag-aaral ng mga kursong bokasyonal kaysa panitikan at agham panlipunan.

Sumibol nang lubos ang panitikan ng bansa sa panahong ito dahil ipinagbawal ng namumunong Hapon ang paggamit ng wikang Ingles at itinaguyod ang pagpapayaman sa panitikan gamit ang mga katutubong wika sa bansa. Ang panahong ito sa kasaysayan ng bansa at ng panitikan ang tinaguriang Gintong Panahon ng Panitikang Filipino dahil higit na malaya ang mga Pilipino (kaysa noong sa Amerikano) sa pagsulat ng panitikan at pagsanib ng kultura, kaugalian at paniniwalang Pilipino sa mga ito.

Mga Epekto at Resulta ng Pananakop ng mga Hapones

Isa sa mga mahahalagang pangyayari noong panahon ng pananakop ng mga Hapones ay ang pagkakasipa palabas ng mananakop na Estados Unidos mula sa Pilipinas. Nagkaroon din ng pagkakataong mamahala ang mga Pilipino sa mga mahahalagang bahagi ng burokrasya.

Ngunit sa kabila ng mga nabanggit, marami pa rin ang mga pangyayari na hindi nakabubuti sa mga Pilipino noon, tulad na lamang ng pang-aabusong sekswal at pisikal, at pagsikil sa mga karapatan.

Mga Mabubuting Epekto ng Pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas

Natutunan ng mga Pilipino ang pag-aalaga at pagpaparami ng mga isda, hipon at mga bibe. Naimpluwensiyahan din ng mga Hapon ang mga Pilipino sa pagkain ng noodles, tempura, at sushi. Natutunan din ng mga Pilipino ang paggawa ng origami at ikebana na kung saan natukoy sa sining ng Hapon. Ang origami ay sining ng papel pagtitiklop. Ang ikebana ay sining ng pag-aayos ng bulaklak.

Natutunan din ng mga Pilipino sa mga Hapon ang mga disenyo sa paggawa ng mga templo ng Budhismo. Ang paggawa ng mga kasangkapan at armas. Ang pagiging bukas ang kamalayan sa pagtangkilik sa teknolohiya tulad ng mga karaoke, videoke, game console, camera at iba pa.

Pinakilala din sa mga Pilipino ang panitikang Hapon tulad ng mga kwento, dula at alamat. Natutunan din ng mga Pilipino ang pagyukod sa kapwa bilang tanda ng paggalang.


Isang mabuting paraan para sa mga Pilipino ang ginamit ng Hapones upang mabura sa ating kaisipan ang kulturang mula sa Estados Unidos ay ang paggamit ng wikang Pilipino. Sa panahong ito malawakang ginamit ang wikang Pilipino sa larangan ng edukasyon, musika at panitikan na nakadagdag sa pagkamakabansa ng mga Pilipino.

Mga Masamang Epekto ng Pananakop ng mga Hapones

Ang pagdating ng mga Hapon sa ating bansa ay nagdulot ng takot at paghihirap sa maraming Pilipino. Ang uri ng pamumuhay ay talagang naapektuhan. Nawalan ang mga Pilipino ng kalayaan upang magsalita at ipahayag ang kanilang mga damdamin. Natigil ang pagpapaunlad sa larangan ng sining. Nagkaroon din ng pagbabago sa sistema ng edukasyon sa panahon na ito.


Makatuwiran sana ang layunin ng bansang Hapon na makapagtatag ng isang Asya na may kakayahan at kalayaang pang-ekonomiya na hiwalay sa mga taga-kanluran ngunit hindi makatuwiran ang naging pamamaraan nila upang makamit ito.

Hindi rin makatuwiran ang paggamit nila ng karahasan upang makamit ito. Walang-awa nilang ginahasa ang mga kababaihan at walang pakundangang pinaslang ang libo-libong sibilyan. Pinahirapan o pinaaaresto ang mga Pilipino na hindi sumusunod sa mga patakaran o batas dahil sa bunga ng mga sumbong ng mga espiya. Hindi rin mabubura sa kasaysayan ang malagim na “Death March” kung saan libo-libong sundalong Amerikano at Pilipino ang nasawi sa malupit nilang mga kamay.



Pagyamanin

- A. Panuto: Buuin ang Venn Diagram. Isulat sa loob ng **A** ang mga mabubuting resulta ng pananakop ng mga Hapones at sa loob ng **B** ang mga di-mabubuting resulta ng pananakop ng mga Hapones.



B. Panuto: Punan ang tsart sa ibaba. Isulat sa unang kolum ang mga patakaran ng mga Hapones sa panahon ng pananakop sa Pilipinas at sa ikalawang kolum naman ay isulat ang inyong reaksiyon.

Patakaran	Reaksiyon



Isaisip

Mahigpit na ipinatutupad ng mga Hapones ang kanilang mga patakaran sa Pilipinas. Ang sumusunod ay ang naging epekto ng mga patakarang inilunsad.

- Ganap na pagputol ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Estados Unidos.
- Ganap na pagtanggap ng lahat ng kapangyarihang Amerikano sa buong kapuluan.
- Pagtatatag ng isang pamahalaang Japanese-Sponsored Philippine Republic para sa mga Pilipino lamang (na hindi naman totoo sapagkat sila pa ring mga Hapones ang makapangyarihan).
- Pagturo ng wikang Hapones o Niponggo upang sa kalaunan, malimutan ang wikang Ingles.
- Natutunan ng mga Pilipino ang paggawa ng origami at ikebana kung saan nagmula sa sining ng mga Hapon.

Mayroong mga mabubuting epekto at resulta ang pananakop ng mga Hapones sa bansa. Kabilang sa mga mabubuting epekto ay ang pag-aalaga at pagpaparami ng mga isda, hipon at mga bibe, ang pagsasaka at pangingsda,

mga pagkain tulad ng noodles, tempura , at sushi. Paggawa ng origami at ikebana. Natutunan din ng mga Pilipino sa mga Hapon ang mga disenyo sa paggawa ng mga templo ng budhismo.

Mga masasamang epekto/resulta ay hindi makatuwiran na gumamit ng karahasan ang mamumuno upang makamit ang layuning ito. Marami sa mga Pilipino ang napilitang sumapi sa kilusang gerilya dahil na rin sa kalupitang dinanas ng mga Pilipino sa Hapones. Napatunayan na simula pa lamang ay kabutihan lamang ng bansang Hapon ang kanilang inisip dahil na rin sa mga patakarang inilunsad nila. Ginawa lamang nilang dahilan ang pagtatatag ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere upang maging legal ang kanilang lihim na agenda – ang maging isang imperyalistang bansa.



Isagawa

Panuto: Ibigay ang hinihingi sa ibaba.

1. Sa lahat ng patakarang inilunsad ng mga Hapones, pumili ng isa at ipaliwanag.
2. Pumili ng isang mabuti at masamang resulta sa pananakop ng mga Hapones sa bansa at ipaliwanag ito.



Tayahin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Anong wika ang ipinagamit sa mga Pilipino noong panahon ng mga Hapones?
A. Tagalog
B. Ingles
C. Niponggo
D. Filipino
2. Ano ang mabubuting resulta ng pananakop ng mga Hapones sa bansa?
A. Pag-aalaga at pagpaparami ng mga isda, hipon at mga bibe.

- B. Pagkatuto ng sining na Origami at Ikebana.
 C. Pagkahilig sa mga pagkain tulad ng noodles, tempura at sushi.
 D. Lahat ay tama.
3. Paano pinigilan ng mga Hapones ang pagkanasyonalismo ng mga Pilipino noong panahon ng pananakop?
 A. Pinapagamit ang wikang Ingles kahit saan.
 B. Binibigyan ang mga Pilipino ng mga pagkain.
 C. Pinakulong ang mga kumakalaban na Pilipino sa mga batas.
 D. Pinahihintulutan ang pag-awit at pagtugtog sa publiko ng pambansang awit ng Pilipinas.
4. Ano ang pinakamalaking suliranin ang dinanas ng mga Pilipino noong panahon ng mga Hapones?
 A. kawalan ng mga karapatan
 B. kawalan ng trabaho
 C. kakulangan sa pagkain
 D. kawalan ng disiplina
5. Ang sumusunod ay mga masasamang epekto ng pananakop ng mga Hapones sa bansa, maliban sa isa.
 A. Nagdulot ng takot at paghihirap sa maraming Pilipino.
 B. Nawalan ng kalayaan na makapagsalita at makapagpahayag ng damdamin.
 C. Paggamit ng wikang Tagalog.
 D. Nagkaroon ng pagbabago sa sistema ng edukasyon.
6. Bakit hindi pa rin naging payapa ang buhay ng mga Pilipino sa kabila ng mga pagbabagong inilunsad ng pamahalaang Hapones?
 A. Dahil tumaas pa rin ang bilang ng mga pagdakip at pagparusa
 B. Maraming Pilipino ang nagtaksil
 C. Ang ibang Pilipino ay nagsilbing mga espiya
 D. Lahat ay tama
7. Ano ang ginagawa sa mga Pilipinong kumakalaban sa mga Hapones?
 A. pinaparangalan
 B. pinapatawad
 C. pinarurusahan
 D. binibenta
8. Paano binibigyan ng pagkain ng mga Hapones ang mga Pilipino?
 A. pagrarasyon
 B. feeding
 C. paggogrocery
 D. pagtitipon sa pagkain

9. Ang sumusunod ay mga patakaran na inilunsad ng mga Hapones, maliban sa isa.
- A. Pagputol ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Estados Unidos.
 - B. Pag-alis ng kalayaang makapagsalita at makapagpahayag.
 - C. Pagpaparusa sa mga taong kumakalaban sa mga Hapones.
 - D. Pagpaparangal sa mga Pilipino
10. Ano ang karanasan ng mga Pilipino sa panahon ng mga Hapones?
- A. Pag-aabusong sekswal sa mga kababaihan
 - B. Kasaganaan sa pagkain
 - C. Pagkakaroon ng malayang pamumuhay
 - D. Pagkakaroon ng katahimikan



Karagdagang Gawain

- A. Panuto: Hanapin mo ang limang salita na may kinalaman sa mga dinanas ng mga Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Hapones.

P	A	N	G	A	N	I	B
E	B	E	U	U	O	G	H
B	A	O	T	N	P	H	K
T	A	K	O	T	H	N	L
G	I	U	M	H	N	M	U
P	A	R	U	S	A	D	M
N	K	O	D	O	M	G	I
H	I	R	A	P	D	T	O

- B. Mag-interbyu ng isang matanda sa inyong komunidad o iyong lolo o lola na may nalalaman sa panahon ng Hapones. Itala o i record ang kanyang mga karanasan at ipasa sa guro.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph